

## PRESS RELEASE

4/18/2020

FOR IMMEDIATE RELEASE

Press Release # 041820

**Subject: Paglungsad ng Long Beach Unveils ng bagong disenyong COVID-19 Website**  
Bagong COVID-19 Data Dashboard Inilabas

**Contact:** City of Long Beach Joint Information Center  
562.570.NEWS (Media lamang)  
jic@longbeach.gov (Media lamang)  
RESIDENTe: Tumawag sa 562.570.INFO

Long Beach, CA – Binago na ng Long Beach Department of Health and Human Services ang kanilang COVID-19 website na mayroon mga dagdag na gamit at mga makabagong mga katangian, kasama ang dashboard ng datos, para maialok ang madaling paggamit, mas maraming mga datos na malinaw at mapahusay ang pangkalahatang karanasan ng mga users.

“Kailangan nating maging malinaw at maglabas ng mas maraming datos sa publiko kapag posible,” ani Mayor Robert Garcia. “Ang ating bagong dashboard at website ay magibigay sa publiko ng real-time na mga impormasyon tungkol sa krisis ng COVID-19.”

**Data Dashboard**

Ang website ay nagtatampok ngayon ng interaktibong [data dashboard](#) na nagbibigay sa publiko ng impormasyon ukol sa mga kasong positibo, pagkakaospital, at mga demograpikong balangkas at marami pa. Hinahayaan ng dashboard ang publiko na makakita pa ng mas detalyadong datos kaysa sa dating nailabas at ngayon ay magbibigay sa lungsod ang paghahambing sa ibang mga hurisdiksyon. Ang mga elemento ng dashboard ay binabago habang dumatating ang mga impormasyon, nang ang publiko ay makakuha ng pinakabagong impormasyon.

**Malinis na Disenyo**

Ang binagong website ay moderno at may malinis na layout at nagtatampok ng content na matatagpuan sa isang mas intuwitibong interface na may mga simpleng sulat at mga grapikong base sa imagen. Ang site ay pinasimple at inorganisa na nasaisip ang end user. Ang impormasyon ay espesipikong inayos para sa pangkalahatang publiko, mga negosyo, mga tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan at sa mga populasyon mataas ang panganib nang ang mga bisita ay madali at mabilis makahanap ng impormasyong kanilang kailangan.

**Pinakabagong Impormasyon**

Kadalasang inaaccess na content tulad ng sintomas at prebensyon ng COVID-19 at impormasyon tugkol the Long Beach City Health Officer’s Order ay prominenteng nakatampok kasama ang mga arawang bilang ng mga kaso at mga bagong balita. Impormasyon ng Testing at pagpaskedyul ng appointment ay nakatampok din para sa limang lokasyon ng testing sa loob ng Long Beach. Ang Lungsod ay patuloy sa pagkilala ng mga oportunidad para sa mga karagdagang lugar ng testing at

kamakailan nagdagdag ng dalawang bagong lokasyon ng City testing sa Cabrillo at Jordan High School.

Ang bagong matugon na site ay madali ding gamitin sa mga mobile device. Ang “Help and Volunteer” na pahina at proseso ay binago din para maisagawa ang mas madaling rehistrasyon para sa mga boluntaryong medikal at di-medikal at sumusuporta sa kakayahan para ang publiko ay makapagrehistro upang magdonate ng mga goods, serbisyo o pera. Ang mga users ay madaling ring makakascreen at iskedyul ng mga appointment para sa mga drive-through na testing sa iba’t ibang lugar sa Lungsod.

Dagdag sa pagbigay ng mga sarisaring online resources, ang Lungsod ay patuloy ang pagtao sa information hotline para sa mga tanong ukol sa COVID-19 (562.570.INFO) at business hotline para sa mga employer at kanilang mga empleyado (562.570.4BIZ).

Para sa pinakahuling impormasyon sa COVID-19, na may mga detalye sa mga ginagawa ng City of Long Beach para maging ligtas ang ating mga residente, bumisita sa bagong dinisenyong website sa: [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

Para sa mga bagong balita, litrato at video at mga patalastas sa mga kaganapan sa Long Beach, sundan kami sa [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).